2008 na Edisyon

# Unawain ang SSI: Tungkol sa mga Pondo sa Panlibing

## Ano ang pondo sa panlibing?

Ang pondo sa panlibing ay perang itinabi upang bayaran ang gastos para sa panlibing. Halimbawa, ang perang ito ay maaaring nasa isang bank account, ibang instrumento sa pananalapi, o isang prepaid (bayad ná) na pagsasaayos sa panlibing.

Pinahihintulutan ng ilang mga estado ang isang indibidwal na mag-prepay (bayaran ná) para sa kanilang panlibing sa pamamagitan ng pakikipagkontrata sa isang punerarya at pagbigay ng paunang bayad para sa kanilang libing. Dapat mo itong talakayin sa tanggapan ng Social Security sa iyong lugar.

## Itinuturing bang isang pag-aari para sa SSI ang pondo sa panlibing

Sa pangkalahatan, ikaw at ang iyong asawa ay maaaring magtabi ng hanggang $1,500 bawat tao upang magbayad para sa mga gastos sa libing. Sa halos lahat ng mga kaso, ang perang ito ay hindi ituturing na isang pag-aari para sa SSI.

Kung ikaw (at ang iyong asawa) ay may mga polisa sa life insurance o may iba pang pagsasaayos para sa libing, bukod sa iyong $1,500 na pondo sa panlibing, ang bahagi ng pera sa pondo para sa panlibing ay maaaring isaalang-alang para sa limit ng pag-aari na $2,000 para sa isang tao o $3,000 para sa mag-asawa.

## Ituturing ba bilang pag-aari o kita para sa SSI ang interes na kinita sa pondo mo (at ng iyong asawa) sa panlibing?

Hindi. Ang interes na kinita sa pondo mo (o ng iyong asawa) sa panlibing na iniwan mo sa pondo ay hindi ituturing na pag-aari o kita para sa SSI at hindi nakakaapekto sa iyong benepisyo sa SSI.

## Paano ka makakapagtatag ng isang pondo sa panlibing?

Sa anumang account na itinatag mo, dapat malinaw na ipakita ang perang itinabi mo upang bayaran ang gastos sa libing. Maaari mo itong gawin sa pamamagitan ng:

- pagtitulo sa account bilang pondo sa panlibing; o
- pagpirma sa isang pahayag na nagsasabi
  - — kung magkano ang itinabi para sa mga gastos sa libing,
  - — para kung kaninong libing itinabi ang pera,
  - — paano itinabi ang pera, at
  - — ang petsa kung kailan mo unang pinag-isipang itabi ang pera para sa mga gastos sa libing.

## Ano ang mangyayari kung ginastos mo ang pera mula sa isang pondo sa panlibing?

Kung ginastos mo ang anumang pera mula sa isang pondo sa panlibing para sa mga bagay na walang kinalaman sa gastos sa libing, maaaring may multa.